EMPLOYEES COMPENSATION COMMISSION
ADMIN DIV. - Records Section
RECEIVED
OCT 10 2018
TIME:
RECEIVED BY:

OCT. 10, 2018

Dear Maadam Stella,

AKO po si Michael C. Cariño, na nakatira po sa 1783 Yakal St. Tondo, Manila. 39 yrs old, may asawa at 5 anak. Balo po mam Stella, nadisgrasya po ako nung March 29 2017 Balo po nakaduty po ako nun at pabalik na po ako sa aming opisina galing po ng collection sa mga deniliveran naming customer. Habang binabaybay ko po ang Zamora Bridge at akin pong driver ay natataranta sa pagmamaniho dahil po may iniwasan syang kotse. At bumangga po kami sa railings ng tulay.

At nang nakahandusay po ako sa kalsada, nagsidatingan ang aking mga kasama sa trabaho pati na po ang Operation Manager namin, at inalalayan nila ako hanggang sa Hospital at binigay naman po nila ang aking pangangailangan sa Hospitalization ko po. Balo naoperahan po ako sa aking left femur at left patella (Comminuted). Nalagyan po ako ng fixator.

At nung May 03, 2018 Pinuntahan po ako ng mga taga E.C.C. Mam Bing Curimao, At inindorse po ako kay Mam Anne at sinamahan po nila ako sa PGH para po macheckup ng Doctor at makapagpa schedule ng therapy sa PGH.

~~At hanggang~~ Nagpapasalamat po ako kila Mam Anne, Mam Aida at Mam Bing sa iniative po nila na matulungan po ako para po manumbalik ~~na~~ sa dati ang aking nafractured na tahod. Salamat po sa Dios at sa ngayon po medyo ok na po ang aking paglalakad kahit papano po.

Sa ngayon po ngpapatulong po ako ulit kay mam Anne para macheck-up po ako ulit ng Doctor ko sa PGH para sa another session ng therapy ko po.

Kaya po lubos po akong nagpapasalamat sa E.C.C.
Dahil po malaking Tulong at Gabay para po kagaya
ko pong kapos-palad na natulungan ng inyong Opisina
po.

Sana po mam Stella, lalo pa pong lumawak at marami
pa po kayong matulungan ya kagaya ko po.

More Power po sa E.C.C.!
Pagpalain Po nawa Tayong Lahat ng Poong Maykapal!

Michael C. Cariño
Gumagalang